**Daily Doses of Gospel PiLLs**
**Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, Texas 75491**
**Website: www.nardagoodson.com * Email: info@nardagoodson.com**

# Ito Ay Iyong Panahon Kapag

***Ito ay iyong panahon kapag…..***

Ngunit kapag ang tanim ay sumibol at namunga ng mabuting bunga, pagkatapos ay lilitaw din naman ang pangsirang damo, ito na ang panahon na ikaw ay humakbang palabas ng sa gayon ikaw ay magamit ng Dios, at kapag ang binhi na iyong hinasik ay sumibol, at kapag ito ay iyo nang aanihin, pansinin mo at mababasa sa Banal na Kasulatan na ang mapanirang damo ay lilitaw.

Malalaman mo kung ang panahon sa buhay mo ay tinutuligsa ng mga taong hindi mo inaasahan, walang paanyaya, hindi pa nagugupitan, hindi nahahasa, hindi maingat, ang mga iyon ay masamang binhi na naitanim sa iyong bukid habang ikaw ay tulog.

Sa kabila ng lahat ng ito, kailangan mong matutunan na iwanan ang trigo at pangsirang damo hanggang sa panahon ng pag-aani, na kung saan ang Dios ay titipunin niya ang mga pangsirang damo at pagbibigkisin upang sunugin at titipunin naman ang mga trigo sa Kanyang bangan. At kapag nakita mo na ang kapanglawan at kalagiman ng iyong mga kaaway, alam mo na, na araw na ng anihan. Manatili ka, at alam mo na Siya ay makapangyarihang Dios. Kung sino ay may pandinig hayaang makinig. 2015 Susan Benedicto

#PanginoonMaawaKa #EspirituwalNaPakikidigma

Banal na Kasulatan na pagbubulay-bulayan na makikita at mababasa sa : Mateo 13:24-30

24-Sinaysay niya sa kanila ang ibang talinghaga, na sinasabi, ang kaharian ng langit ay tulad sa isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid. 25-

**Copyright 2015 Daily Doses of Gospel PiLLs. All Rights Reserved.**
**Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, TX 75491**
**www.nardagoodson.com * info@nardagoodson.com**
May kapahintulutan na ilathala, imprenta at ipamahagi ang kabuoan ng artikulo kasama ang header at footer na isinalin sa wikang Tagalog.

Datapuwa't samantalang nangatutulog ang mga tao, ay dumating ang kaniyang kaaway at naghasik naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng trigo, at umalis. 26-Datapuwa't ng sumibol ang usbong at mamunga, ay lumitaw nga rin ang mga pangsirang damo. 27-At ang mga alipin ng puno ng sangbahayan ay nagsiparoon at nangagsabi, Ginoo, hindi baga naghasik ka ng mabuting binhi sa iyong bukid? Saan kaya nangagmula ang mga pangsirang damo? 28- at sinabi nya sa kanila, isang kaaway ang gumawa nito. At sinabi sa kaniya ng mga alipin, Ibig mo baga na kami nga'y magsiparoon at ang mga yao'y pagtipunin? 29- Datapuwa't sinabi nya, Huwag; baka sa pagtitipon ninyo ng mga pangsirang damo, ay inyong mabunot pati ng trigo. 30- Pabayaan ninyong magsitubo kapuwa hanggang sa panahon ng pag-aani: at sa panahon ng pag-aani ay sasabihin ko sa mga mangaani, tipunin muna ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin upang sunugin; datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking bangan.

**Copyright 2015 Daily Doses of Gospel PiLLs. All Rights Reserved.**
**Narda Goodson Ministries * P.O. Box 624 * Whitewright, TX 75491**
**www.nardagoodson.com * info@nardagoodson.com**
May kapahintulutan na ilathala, imprenta at ipamahagi ang kabuoan ng artikulo kasama ang header at footer na isinalin sa wikang Tagalog.